REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

**KAPASIYAHAN BILANG 92 - 09**

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAGKAKALOOB NG HALAGANG LIMANG DAANG PISONG (P500.00) BUWANANG ALLOWANCE SA BAWAT MIYEMBRO NG PULISYA AT PAMATAY-SUNOG NA PERMANENTENG NAKATALAGA SA BAYAN NG MUNTINLUPA AT ANG PAGLALAAN NG LAANG GUGULIN NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG MILYON AT WALONG DAANG LIBONG PISO (P1,800,000.00) PARA DITO.

**************************************************************

**Ipinanukala ni: KONSEHAL LUCIO B. CONSTANTINO**

**************************************************************

SAPAGKAT, ang kasalukuyang sahod ng mga miyembro ng pulisya at pamatay-sunog kung ihahambing sa kanilang ginagawa ay lubhang mababa;

SAPAGKAT, ang buhay ng mga ito ay laging nakasalalay sa pagtupad sa kanilang sinumpaang tungkulin;

SAPAGKAT, ang halaga ng pamumuhay ay lalong tumataas at ang kasalukuyang sahod ng mga ito ay di na makaagapay;

SAPAGKAT, ang dagdag na allowance ay makapagbibigay ng mataas na moral upang higit na pag-ibayuhin ang pagganap sa tungkulin;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na magkaloob ng halagang Limang Daang Pisong buwanang allowance sa bawat miyembro ng pulisya at pamatay-sunog na magsisimula sa buwan ng Enero, 1993 at pinagpasiyahan pang muli ang paglalaan ng halagang Isang Milyon at Walong Daang Libong Piso na kukunin mula sa 1993 Executive Budget para dito.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA NG MGA KASAPI NG SANGGUNIANG BAYAN SA KANILANG IKA-7 REGULAR NA PULONG NA GINANAP NGAYONG AGOSTO 17, 1992.

**PINATOTOHANAN :**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

Pahina 2
Kapasiyahan Bilang 92-09

**SINANG-AYUNAN :**

| | |
|---|---|
| KGG. ROMAN E. NIEFES | KGG. RUFINO B. JOAQUIN |
| KGG. ARTURO S. BUNYI | KGG. DANTE S. ALMARIO |
| KGG. MELCHOR R. TEVES | KGG. LUCIO B. CONSTANTINO |
| KGG. NOLASCO L. DIAZ | KGG. REY E. BULAY |
| KGG. ERNESTO A. CARUBIO | KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ |
| KGG. VICENTE Y. CHUA | KGG. REYNALDO A. ABAS, JR. |

**PINATUTUNAYAN:**

**PETER B. SALONGA**
Pambayang Kalihim

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punongbayan

**PINAGTIBAY:** Agosto 17, 1992